# Huwag Kang Hihinto

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik Flores, Jr. Executive Head Servant
August 29, 2020

Huwag hihinto hangga't hindi nakakamit ang mga mithiin sa buhay. Malapit na nating maabot ang mga pangako ng Diyos, kaya't huwag ng huminto. Kinakailangang tayo'y magtiis upang masunod natin ang kalooban ng Diyos at matanggap ang Kanyang ipinangako (Heb. 10:36).

**Tatlong dahilan bakit hindi natin nakamit ang mga ipinangako ng Diyos:**

1. **Naharangan ang ating pananaw (Josue 6:1-5)**
   - May malaking harang sa pagitan ng pangako ng Diyos at ang hawak nating pangako. Kadalasan, nakikita nating higit na malalaki ang mga ito.

     May posibilidad na nakatutok tayo sa mga mala-higante nating suliranin na sa halip nakatuon tayo dapat sa Higit na Malaki at Mas Makapangyarihang Diyos.
2. **Hindi halata ang ating pag-usad. (Josue 6:6)**
   - Akala ng mga magigiting na kawal ay sasalakayin nila ang lungsod; sa halip ang kailangan lamang pala nila ay liligid at tahimik na maglalakad sa paligid nito.
   - Gusto ng Diyos na magtiwala tayo sa Kanyang mga pangako. Ang pinakamagandang paraan para makamit ang Kanyang mga pangako ay tumahimik at magpatuloy sa paglalakad.
3. **Ang buong proseso ay hindi tinukoy.**
   - Hindi sinabi si Josue sa mga tao ang eksaktong pinagagawa ni Yaweh sa kanya, ilan lamang ang kanyang ibinahagi sa kanila.
   - Minsan tumitigil na tayo at pinababayaan na lang nating hindi matapos ang ating nasimulang gawain dahil ayaw na nating maghintay pa.
   - Hindi lang tayo susunod sa Panginoon kung kailan tayo maginhawa at komportable. At sa dulo nito, makikita natin ang inilaan ng Diyos para sa atin.
   - Magpatuloy sa paglalakad at sumulong!

**Konklusyon:**

Mas malapit na tayo sa mga pangako ng Diyos at mga tagumpay kaysa sa inaakala natin. Lumakad at ipagpatuloy ang pag-ikot, sa bawat ikot isipin na iyon na ang huling araw natin, naniniwala na gagawin na ng Diyos ang Kanyang pangako sa ating buhay. Ang mala-higante nating mga suliranin ay babagsak, at mapapasaatin na ang mga pangako ng Diyos sa ating buhay (Josue 6:20).

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-Edit/Inaprobahan ni:** Sis Vera Tuplano

**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials